



大和市

～“MINNA GA TSUNAGARU KENKO TOSHI” YAMATO～

Ika-10 Pangkalahatang Plano ng Lungsod ng Yamato

Taon ng 2025 ~ Taon ng 2034

Digest Version







Ano ba ang pankalahatang plano?

Ito ay isang buod ng kung anong uri ng lungsod ang nais abutin ng Yamato City sa hinaharap at kung anong mga hakbang ang kanilang gagawin upang makamit ito. Sa pamamagitan ng paggawa ng plano, maibabahagi ng lungsod ang kanilang mga ideya tungkol sa pag-unlad ng komunidad sa lahat, at magtutulungan upang maisakatuparan ang mga layunin sa pag-unlad ng lungsod.

Ah, ganoon pala.
Ano ang hangarin ng Lungsod ng Yamato ?




Ang Lungsod ng Yamato ay naniniwala na mahalaga ang pagtataguyod ng isang komunidad kung saan ang lahat ay maaaring maging “KENKO”. Ang hinaharap na layunin ng Lungsod ng Yamato ay maging maaliwalas.



Ito ang hinaharap na imahe ng lungsod ng Yamato!




Ang maging KENKO ay magandang balita! Ako din, gusto ko ring maging maaliwalas!



Ano ang ibig sabihin ng “MINNA GA TSUNAGARU”?



Iba-iba ang paraan ng pagdama ng kaligayahan ng mga tao, pero madalas na mas masaya ang mga taong may magagandang relasyon sa mga tao sa kanilang paligid, tulad ng pamilya at kaibigan. Kaya, ang Lungsod ng Yamato ay nagsusulong ng mga hakbang na nakatuon sa koneksyon para sa lahat.



Pero maraming hamon din sa pagsulong ng pagbuo ng komunidad, kaya’t sa susunod na pahina, titingnan natin ang “mga pananaw sa pagbuo ng komunidad” batay sa mga hamon na ito!





Perspektibo sa Pagbuo ng Kominidad

Maraming mga hamon na kailangang harapin, tulad ng Pagbaba ng birthrate o kapanganakan at pagtanda ng populasyon, global warming, at mga tugon sa malalaking sakuna. Upang harapin ang mga hamong ito, isinasagawa ng Yamato ang mga hakbang batay sa 9 na mga “pananawa sa pagbuo ng komunidad”.



Pagbaba ng birthrate at pagtanda ng populasyon



at iba pa

Pagbabago ng panahon at kalamidad

Perspektibo sa Pagbuo ng Kominidad

Pagbuo ng isang komunidad kung saan mararamdaman ang kaligayahan

Pagbuo ng isang komunidad na magiliw sa kapaligiran at komportableng tirahan

Tumutugon sa pagtanda ng populasyon

Pagpapasigla ng mga komunidad sa rehiyon

Pagbuo ng isang komunidad kung saan ang mga bata ay lumalaki ng malusog


Pagbuo ng komunidad kung saan nais ng lahat na manirahan

Pagsisiguro ng ligtas at panatag na pamumuhay

Mga inisyatibang nauugnay sa pasilidad ng Atsugi Naval Air

Mga hakbang na nauugnay sa Atsugi Base

Pagbuo ng isang sustainable na pamahalaan



Mula dito, tingnan natin ang 7 layunin na nais makamit ng Lungsod ng Yamato upang maisakatuparan ang “Isang Malusog at Masayang Lungsod kung saan Lahat ay Konektado”!

Sige, po!

Mga layunin para sa pagsasakatuparan ng imahe ng lungsod sa hinaharap

Paglikha ng mga Koneksyon

Layunin 1

Isang komunidad kung saan lahat ay palaging malusog



《Mga larangan ng Patakaran》

Pagpromote ng Kalusugan,
Pagpapalakas ng Kalusugan,
Medisina, Isports at Ehersisyo,
Panghabang Buhay na Pag-aaral, Kultura at Sining

Layunin 2

Isang komunidad kung saan ang mga bata ay lumalaki na may kakayahang harapin ang kinabukasan.



《Mga larangan ng Patakaran》

Mga Bata/Kabataan, Edukasyon sa Paaralan

NEXT

Ang mga layunin 1 hanggang 5 ay may malalim na kaugnayan sa paglikha ng koneksyon.



Mga layunin para sa pagsasakatuparan ng imahe ng lungsod sa hinaharap


Paglikha ng mga Koneksyon

Layunin 3

Isang komunidad kung saan lahat ay nagtutulungan

《Mga larangan ng Patakaran》

Rehiyonal na Kapakanan, Kapakanan ng Matatanda, Kapakanan ng May Kapansanan, Pampublikong Tulong



Layunin 4

Isang komunidad kung saan malalim ang ugnayan ng rehiyon at kinikilala ang pagkakaiba-iba

《Mga larangan ng Patakaran》

Aktibidad ng Rehiyon, Mga Aktibidad ng Mamamayan, Karapatang Pantao, Pantay na Paglahok ng Lalaki at Babae, Multikultural na Pakikiisa, Kapayapaan

Layunin 5

Isang komunidad na masigla

《Mga larangan ng Patakaran》

Komersyo at Industriya, Agrikultura, mga Programa at Turismo



Maraming larangan pala!



Mga layunin para sa pagsasakatuparan ng imahe ng lungsod sa hinaharap

Pagbuo ng bayang nagpapadali sa pagkonekta

Layunin 6

Isang ligtas na bayan kung saan maaari kang manirahan nang may kapayapaan ng isip

《Mga larangan ng Patakaran》

Pag-iwas sa kalamidad, kaligtasan ng buhay (pag-iwas sa krimen, konsultasyon ng mamamayan, kaligtasan sa trapiko, pag-iwas sa sunog), mga hakbang sa kaligtasan ng pasilidad ng Atsugi Naval Air



Layunin 7

Isang lungsod na may urban space na palakaibigan sa mga tao at sa kapaligiran

《Mga larangan ng Patakaran》

Pangangalaga sa kapaligiran, pagpapabuti sa kapaligiran ng lungsod



Ang mga Layunin 6 at 7 ay malapit na nauugnay sa paglikha ng isang bayan na madaling kumonekta!

Sa susunod na pahina, tingnan natin ang saloobin at pag-iisip ng Yamato City habang sumusulong sila sa proyekto!

Sige, po! Gusto ko itong makita.

Patakaran sa pamamahala ng administratibo

Karaniwang Panindigan

- Pinakikinggan ang boses ng mga mamamayan
- Pagsusulong ng iba't ibang kooperatiba
- Paggamit ng digital na teknolohiya, atbp



Pangunahing patakaran 1

Ang pamamahalang administratibo ay bukas sa mga mamamayan

《Mga indibidwal na patakaran》

- Pangangalap at pagsusuri ng impormasyon para magamit sa pangangasiwa ng lungsod
- Pagbibigay ng impormasyon na madaling maunawaan ng mga mamamayan
- Pamamahala ng negosyo sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga layunin

Pangunahing patakaran 2

Administratibong pamamahala na tumutugon sa mga pagbabago

《Mga indibidwal na patakaran》

- Sustainable na pamamahala sa pananalapi
- Functional at matatag na pamamahala ng organisasyon
- Angkop na mga pampublikong pasilidad at pamamahala ng pampublikong yaman

Pangunahing patakaran 3


Administrative management kung saan lahat ay maaaring gumanap ng aktibong papel

《Mga indibidwal na patakaran》

- Pag-hire ng mga kawani na may bisyon para sa hinaharap
- Pagpapaunlad ng mga kasanayan sa kawani
- Paglikha ng isang kapaligiran sa trabaho na nagpapataas ng pagganyak ng mga empleyado

Kabilang din pala ang aming opinyon sa pagsulong ng bayan!






Ngayon, alam mo na ba kung
anong mga inisyatiba ang
isinusulong ng Yamato City?



Opo! Naunawan na namin.
Kung ang mga layunin ay tunay na
maisusulong, magiging matiwasay
ang lungsod na ito!



Upang makamit ang ating mga
layunin, mahalagang magtulungan
ang lahat ng mga mamamayan ng
Yamato City.
Gawin natin ang ating makakaya
upang gawing mas magandang
tirahan ang Yamato City!



Simulan natin and pagbabago
nang paunti unti sa mga lugar
na malapit sa atin!
Ito sana ay maging isang
lungsod kung saan lahat ay
mabubuhay ng masaya!



Mga Katangian at Datos ng Yamato City

(Mula noong Oktubre 1, 2024)

Sukat ng lugar 27.09 kilometro kuwadrado

Populasyon 245,468 katao
(122,330 lalaki 123,138 babae)

Bilang ng mga kabahayan 122,368 na mga kabahayan

※Ang populasyon at bilang ng mga kabahayan ay batay sa pangunahing rehistro ng residente



Halos nasa gitna ng Kanagawa prefecture


Nakapalibot sa mga lungsod ng Yokohama, Sagami-hara, Fujisawa, Ebina, Zama, Ayase, at Machida.

Sa loob ng 40km mula sa sentro ng lungsod

Ang mga pambansa at prefectural na kalsada ay tumatakbo sa crisscrossing sa lugar, at malapit ang mga expressway interchange.


May walong istasyon sa lungsod, at karamihan sa mga istasyong ito ay may 15 minutong lakad ang layo ng distansya.

Mahaba at makitid mula hilaga hanggang timog at halos walang burol



Pagtataya ng Populasyon (Bawat taon ika-1 ng Oktubre)


(sa sampu-sampung libo)



Pinagmulan: pagtatantya ng Yamato City

Pagtataya ng populasyon sa 3 kategorya ng edad (Bawat taon ika-1 ng Oktubre)

(sa sampu-sampung libo)



Pinagmulan: pagtatantya ng Yamato City

Ika-10 Pangkalahatang Plano ng Lungsod ng Yamato

Taon ng 2025 ~ Taon ng 2034

Digest Version

Inilathala noong Pebrero 2025

(inedit • nilaghala)

Lungsod ng Yamato

〒242-8601 Yamato City, Shimotsuruma 1-1-1

TEL 046-263-1111

<https://www.city.yamato.lg.jp>

